SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: ______
Date: 2/4/25 Time: 10:50

# KAPASIYAHAN BLG. 2025-06

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BILANG 04, S-2024 NG BARANGAY MALAWAK NA PINAMAGATANG 'KAUTUSANG PAMBARANGAY NA NAGPAPATUPAD NG PAGHIHIWALAY NG BASURANG MGA NABUBULOK AT DI NABUBULOK AT MGA BASURANG MAPAGKAKAKITAAN PA (*PROPER WASTE SEGREGATION*) SA LAHAT NG KABAHAYAN, PAARALAN, PABRIKA, BODEGA/WAREHOUSE AT MGA IBA PANG KAURI NITO AT PAGBABAWAL SA PAGSUNOG NG BASURA, PAGBABAWAL NG PAGTATAPON NG BASURA SA MGA LUGAR NA IPINAGBABAWAL, PAGLALABAS NG BASURA NA HINDI ARAW AT ORAS NG PAGHAKOT'."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Wilfredo G. Canoza**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pangangalaga ng Kapaligiran**

---

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160, na kilala rin bilang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Pamahalaang Bayan ay dapat magsulong ng kalusugan at kaligtasan, at pagyamanin ang karapatan ng mamamayan sa balanseng ekolohiya habang pinangangalagaan ang kaginhawahan at kasiyahan ng kanilang mga residente;

**SAPAGKA'T**, ang Batas Republika Blg. 9003, na kilala rin bilang "Ecological Solid Waste Management Act of 2000," ay nag-aatas ng pagsasakatuparan ng sistematiko, komprehensibo, at ekolohikal na mga programa sa pamamahala ng solidong basura sa bawat yunit ng lokal na pamahalaan;

**SAPAGKA'T**, ang Barangay Malawak, Bustos, Bulacan ay nagsabatas ng Kautusang Pambarangay Blg. 4, S-2024, na may pamagat na "KAUTUSANG PAMBARANGAY NA NAGPAPATUPAD NG PAGHIHIWALAY NG BASURANG MGA NABUBULOK AT DI NABUBULOK AT MGA BASURANG MAPAGKAKAKITAAN PA (PROPER WASTE SEGREGATION) SA LAHAT NG KABAHAYAN, PAARALAN, PABRIKA, BODEGA/WAREHOUSE AT MGA IBA PANG KAURI NITO AT PAGBABAWAL SA PAGSUNOG NG BASURA, , PAGBABAWAL NG PAGTATAPON NG BASURA SA MGA LUGAR NA

IPINAGBABAWAL, PAGLALABAS NG BASURA NA HINDI ARAW AT ORAS NG PAGHAKOT;

**SAPAGKA'T**, ang Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan, ay kumikilala sa kahalagahan ng ordinansang ito sa pagsusulong ng pangangalaga sa kalikasan, kalusugan ng publiko, at kapakanan ng komunidad;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagsusuri at pag-aaral ng Lupon ay napatunayang ang nasabing ordinansa ay naaayon sa umiiral na mga batas, mga patakaran ng munisipyo, at ang Komprehensibong Plano para sa Pamamahala ng Basura ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. WILFREDO G. CANOZA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Bilang 04, S-2024 ng Barangay Malawak na pinamagatang "Kautusang pambarangay na nagpapatupad ng paghihiwalay ng basurang mga nabubulok at di nabubulok at mga basurang mapagkakakitaan pa (*proper waste segregation*) sa lahat ng kabahayan, paaralan, pabrika, bodega/warehouse at mga iba pang kauri nito at pagbabawal sa pagsunog ng basura, pagbabawal ng pagtatapon ng basura sa mga lugar na ipinagbabawal, paglalabas ng basura na hindi araw at oras ng paghakot".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-13 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-13 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim